Ang Karta ng mga Komunidad ng L'Arche

Isang draft para sa pagkonsulta Enero 21,2022

Binuo ang Karta na ito bilang gabay na tutulong sa atin tungo sa mga susunod na dekada.

Ang Karta ay parang isang mapa tungkol sa:

- Kung sino tayo
- Kung ano ang ginagawa natin
- Karanasan sa likod ng ating pagkakatatag at gumagabay na pananaw
- Ating mga saligang prinsipyo
- Ating mga saligang kagawian
- Ating Federation, nagkakaisa kahit magkakaiba-iba
- Mas makataong lipunan

Sino tayo, ang ating pagkakakilanlan

- Tayo ay mga taong mayroon at walang intelektwal na kapansanan, na namumuhay kasama ng mga komunidad na nabibilang sa International Federation.
- Mga magkatuwang na ugnayan at tiwala sa Diyos ang pangunahin nating gabay sa ating sama-samang paglalakbay.
- Taos-puso nating tinatanggap ang natatanging kahalagahan ng bawat tao at kinikilala natin na kailangan natin ang isa't isa.

Ano ang ating ginagawa, ang ating misyon

- Ipagbigay-alam ang mga kakayahan ng mga taong may mga intelektwal na kapansanan, na inihahayag sa pamamagitan ng mga ugnayang nakakapagpabago sa magkabilang panig.
- Magtaguyod ng kapaligiran sa komunidad na tumutugon sa nagbabagong pangangailangan ng atin mga miyembro, habang nananatiling sumusunod sa mga saligang prinsipyo ng kuwento sa likod ng ating pagkakatatag.
- Makibahagi sa ating sari-saring kultura, habang sama-samang nagsisikap tungo sa mas makataong lipunan.

Ang karanasan sa likod ng ating pagkakatatag at gumagabay na pananaw

- Binabago tayo ng mga magkatuwang na ugnayan sa kabila ng pagkakaiba-iba. Ang mga pagtatagpong ito ang gumagabay sa atin tungo sa higit pang pagiging totoo at kalayaan.

Ang ating mga saligang prinsipyo ay nakabatay sa karanasan

- Nakatuon tayo sa dignidad ng bawat tao.
- Ang mga taong may mga intelektwal na kapansanan ay may mga pananaw, pamumuno at mga kakayahang kailangan ng lipunan.
- Sama-sama nating kinakaharap ang buhay. Pinipili natin ang tawag at hamon ng komunidad.
- Ang pagkakaiba-iba ay isang hadlang at isa ring paanyaya; sa L'Arche, ipinapamalas natin sa isa't isa ang ating pang-araw-araw na karanasan mula sa mundo: sa kabila ng iba't ibang kakayahan, karanasan, relihiyon, kultura at wika.
- Napakahalaga sa ikalulubos ng buhay ang espiritwalidad at kahulugan. Ang L'Arche ay nag-uugat sa turong Kristiyano, at patuloy na hinuhubog ng mga taong may iba't ibang paniniwala, kagawian at relihiyon.

Ang ating mga saligang kagawian ay nakabatay sa pang-araw-araw na buhay

- Gumagawa tayo ng mga espasyo para sa pamumuhay nang sama-sama: sa mga tahanan, lugar ng trabaho o iba pang anyo ng pisikal at virtual na pagtitipon.
- Pinipili nating maglaan ng panahong magsalo-salo sa pagkain, magtulungan sa trabaho at aktibidad; nang nakikinig sa at gumugol ng oras na makasama ang isa't isa.
- Gumagawa tayo ng pagkakataon para sa pagmumuni-muni, pagkukwentuhan, pagsasagawa ng pananampalataya, ritwal at panalangin.
- Sama-sama nating ipinagdiriwang ang mahahalagang pangyayari at yugto ng buhay, gaya ng mga kaarawan, mga anibersaryo, mga pagdating, mga pag-alis, paglaki at kamatayan.
- Namumuno at nagpapasya tayo batay sa mga kaugalian ng pakikinig.
- Nagmamalasakit tayo sa isa't isa: sumusulong sa pag-aaral, katatagan, kaligtasan at kahusayan. Bahagi ng pagmamalasakit ang pagsasabi ng totoo tungkol sa pamumuhay sa komunidad.

Ang ating Federation, nagkakaisa kahit magkakaiba-iba

- Bawat komunidad ng L'Arche ay isang network ng mga ugnayan, kaugnayan sa ibang komunidad na nabubuo sa pamamagitan ng mga kuwento, pagkakaibigan, prinsipyo at kagawian.
- Bahagi tayo ng mga lipunang kinaroroonan ng ating mga komunidad: bagaman sumusunod tayo sa parehong mga prinsipyo at kaugalian, iba ang kalagayan ng L'Arche sa iba't ibang kultura.
- Maraming paraan para maging bahagi ng L'Arche at may mga bago pang modelo sa hinaharap. Ang gayong mga pagpapahayag ay nakabatay sa ating mga prinsipyo, kagawian, pagkakakilanlan at misyon.
- Saan man tayo naroroon, pinag-uugnay tayo ng pagtutulungan, adbokasya, katarungan at pagbibigay-kapangyarihan sa mga taong may mga intelektwal na kapansanan.
- Kasabay ng pagtawag-pansin sa komunidad, narinig din natin ang pagtawag-pansin sa pagiging sustainable ng kapaligiran.
- Habang magkasamang nakikinabang sa mga regalo ng ating Federation, kinikilala natin ang mga anino sa kuwento sa likod ng ating pagkakatatag. Magkakasama nating itinataguyod ang nakahihigit pang integridad at pananagutan sa lahat ng ating komunidad.

Tungo sa isang mas makataong lipunan

- Hindi sa ating mga komunidad mismo nagtatapos ang lahat. Mas lubusan nating naisasakatuparan ang ating misyon sa pamamagitan ng pagiging bahagi ng - at matuto mula sa - mga lipunang kinaroroonan natin.
- Nakakasumpong tayo ng pagkakaisa sa pagkakaiba-iba, lakas sa kahinaan, at kalayaan sa pagdepende sa isa't isa.
- Ang mga pagtatagpo ng mga taong magkaiba ay nagreresulta sa mga bagong paraan ng pamumuhay at pagkatao at nag-aambag sa pagbuo ng mapagmahal at sustainable na daigdig. Ang mga ugnayang ito ay palatandaan ng pag-asa at pagkakasundo para sa ating mundo, ang tahanan nating lahat.